**TIONG SE ACADEMY INC.**
**708 Sta. Elena St., Binondo, Manila**
**KAGAWARAN NG FILIPINO**
**Taong-Panuruan 2022-2023**

| |
|---|
| |
| 30 |

**Filipino 10**
**Ikalawang Markahan**
**Mahabang Pagsusulit # 1**

**Pangalan:** ______________________________ **Petsa:** _________________________________

**Guro:** G. Bench T. Febra **Lagda ng Magulang:** ____________________

**I. Panuto:** Tukuyin ang akdang pampanitikan batay sa katangiang inilalarawan sa bawat bilang. Isulat kung ito ay **dula** o **mitolohiya**.. **(10 puntos)**

_____________ 1. Ito ay nagmula sa salitang Griyego na mythos na unang nangangahulugang "talumpati".

_____________ 2. Ipinakikita nito ang realidad ng buhay ng tao gayundin ang kaniyang mga iniisip, ikinikilos, at isinasaad.

_____________ 3. Ito ay mga kwentong may kaugnayan sa paniniwala o pananampalataya.

_____________ 4. Ito ay maaaring maiuri ayon sa paksa o nilalaman.

_____________ 5. Ito ay isinusulat at itinatanghal.

_____________ 6. Ito ay likhang-isip lamang ng mga kababalaghang bagay.

_____________ 7. Nagkakaroon din ito ng iba't ibang anyo ayon sa damdaming nais palitawin ng may-akda nito.

_____________ 8. Ito ay naglalayong magbigay-paliwanag sa mga bagay na mahirap ipinaliwanag dahil hindi pangkaraniwang nangyayari sa mundo at sa lipunan.

_____________ 9. Ito ay sining na nagpaaabot sa mga manonood o mambabasa sa damdamin at kaisipang nais ipinarating gamit ang masining na pagsasatao.

_____________ 10. Ito rin ay binigyang pagpapakahulugan bilang "pabula" at "alamat".

**II. Panuto:** Isulat sa patlang ang pokus ng pandiwa kung ito ay Tagaganap, Layon, Pinaglalaanan, Kagamitan mula sa nakasalungguhit sa bawat bilang. **(10 puntos)**

_____________ 1. Si Ate Flor ay **nagluto** ng adobong manok.

_____________ 2. **Nagtungo** ang mga mamamayan sa libing ni Kian.

_____________ 3. Ang tagumpay ng bayan ay **inanunsyo** ng pangulo.

_____________ 4. Ang pintura ay **ipinangguhit** sa larawan.

_____________ 5. **Ikuha** mo ng medyas ang iyong ama sa lagayan.

_____________ 6. Ang karayom at sinulid ay **ipinangahi** ni Jen sa kaniyang damit.

_____________ 7. Ang mga aklat ay **ipinatong** ni Harry sa lamesa.

_____________ 8. **Aalalayan** ko ng bulaklak ang aking Ina.

_____________ 9. Si Gng. Salvador ang **magsasalita** sa programa sa Sabado.

_____________ 10. **Ipapanligo** ni Juanita ang mainit na tubig.


LIVEWORKSHEETS

**III. Panuto:** Bumuo ng talatang binubuo ng tig-tatlong pangungusap sa pangkalahatang aral na natutuhan mula sa mga akdang tinalakay at kinakailangang gamitin ang mga pokus ng pandiwang **Tagaganap**, **Layon**, **Pinaglaaanan**, **Kagamitan** sa pagpapaliwanag.

**Pamantayan:**
**3 puntos - Paggamit ng Pokus ng Pandiwa**
**2 puntos - Nilalaman at Mensahe**




**Si Pele, ang Diyosa ng Apoy at Bulkan**
**Mitolohiya mula sa Hawaii**



**Macbeth**
**Dulang Pantanghalan mula sa Scotland**
**ni William Shakespeare**

LIVEWORKSHEETS